



Piliin Mabuti ang inyong Ahensyang pang-Empleyo (EA)


Mag-iingat sa mga Bitag sa Trabaho




Ang mga Dayuhang Kasambahay (FDHs) ay dapat na malaman ang mga sumusunod kapag gumagamit ng serbisyo ng mga EA sa Hong Kong upang maprotektahan ang kanilang mga sariling karapatan.



Magsiyasat sa pagiging totoo ng mga bakante sa trabaho na iniaalok ng EA, lalong lalo na ang mga nasa ibayong dagat. Kung sakali mang may pagdududa, mangyaring dumulog sa inyong Konsulado-Heneral (CG) o kaya ay magsiyasat sa mga CG ng mga bansang destinasyon.



Kapag gagamit ng isang EA



Huwag magbigay ng anumang maling impormasyon sa inyong Istandard na Kontratang Pang-Employo o SEC (halimbawa ang inyong sahod, ang inyong tiraha sa trabaho atbp.) Kayo ay maaring makagawa ng isang pagkakasala sa paggawa niyon. Itago ang orihinal na kopya ng inyong pinirmahang SEC.



Huwag lalagda sa anumang mga dokumento, mga kasunduan o mga kontrata atbp na hindi ninyo lubos na naiintindihan o sinasang-ayunan.



Humingi lamang ng serbisyo ng paglalagay sa trabaho na ang nagbibigay ay ang mga lisensiyadong EA. Magsiyasat sa online para sa listahan ng EA na naghahawak ng lisensiyang may sabsay na ipinagkaloob ng Kagawaran ng Paggawa (LD) at sa Portal ng EA (www.eaa.labour.gov.hk).




Ang LD ay nagproklama ng Alituntunin o Kodigo ng Kasanayan ng mga EA ("ang Kodigo"). Gawing reperensiya ang Kodigo para sa Dapat at Hindi Dapat ng mga EA. Ang Kodigo ay maaaring makita sa Portal ng EA.




Basa-basahin ang FDH Portal (www.fdh.labour.gov.hk) para sa mga magagamit na impormasyon na may kinalaman sa inyong mga karapatan at proteksyon kapag nagtrabaho sa Hong Kong.

Mga Babayarang singil ng mga EA



Sa ilalim ng batas, ang mga EA sa Hong Kong ay pinapayagan lamang na sumingil sa inyo ng hindi hihigit sa 10% ng inyong unang buwang suweldo na tinanggap bilang kumisyon (iyon ay ang iniutos na komisyon). Ang kabayaranang iyan ay dapat lamang gawin pagkaraan na kayo ay tumanggap ng inyong unang buwang suweldo, at hindi dapat gawin ng mas maaga.

Karagdagang Kabayaran!
Karagdagang gastusin!




Ang EA sakali man walang anoman na pangyayari ay siningil kayo ng anumang kabayaran o gastusin, maging ito ay direkta o hindi direktahan, na may kaugnayan sa paglalagay sa trabaho bukod sa itinakdang kumisyon.



Palaging humiling ng resibo para sa anumang pagbabayad na ginawa sa EA. Ito ay mas maganda kung ikaw ay magdedeposito ng kabayaran ng direkta sa account ng kumpanya ng EA para maaari kayong magkaroon ng rekord ng pagbabayad. Iwasan ang pagdedeposito ng pera sa pampersonal na account ng, o magbayad ng salapi ng direkta sa, kawani ng EA. Huwag gumawa ng anumang pagbabayad sa EA kung sila ay tumanggi na magbigay sa inyo ng mga resibo.

Huwag manghihiram ng pera mula sa anumang kumpanya o bangko na nagpapautang ng pera upang ipambayad sa bayad sa EA, kahit na hiniling o iminungkahi ng EA.



Mga ibang punto na dapat tandaan



Kayo ay pinapayagan lamang na gumawa ng trabahong pambahay sa inyong amo at magtrabaho sa tirahan ng inyong amo na itinakda sa SEC. Hindi kayo pinapayagan na magtrabaho sa iba bukod sa tirahan ng inyong amo na nakasaad sa SEC para sa mga ibang tao (maging sa inyong amo) kahit na ang inyong amo, o ang EA ay pumapayag o humiling sa inyong gawin ang gayon.

Pasaporte!

ID Kard (ng Pagpapakilala)
ng Hong Kong!

Kontrata ng
Pamantayang Empleyo!



Walang sinuman, kagaya ng mga EA at ang inyong amo, ang dapat na bumawi, o maghawak ng inyong mga pampersonal na ari-arian, kasama na ngunit hindi lamang ang inyong pasaporte, kard ng pagpapakilala ng Hong Kong, at SEC, atbp ng walang kapahintulatang nagmula sa inyo.

Kapag ang inyong mga karapatan ay pinanghimasukan o nilabag

Kung kayo ay naghihinala na kayo ay siningil ng labis ng isang EA o ang EA ay nagnenegosyo ng walang may saysay na lisensiya, maaari kayong makipag-ugnayan sa LD sa 2115 3667 sa oras ng pag-oopisina o mag e-mail sa ea-ee@labour.gov.hk. Isuplong kaagad ang inyong kaso sa LD.



Para sa anumang katanungan o mga reklamo at sumbong na may kaugnayan sa inyong pagtrabaho, maaari kayong tumawag sa 2157 9537 (ang hotline ay nasa pag-aasikaso ng "1823").

Kung kayo man ay sumailalim sa karahasan at mga pang-aabuso, o ang inyong kaligtasan ay nasa peligro, tumawag kaagad sa 999 para sa mga pangmadaliang serbisyo ng kapulisan.



Kung kayo ay ipinadala sa pagtrabaho ng ilegal upang magtrabaho sa labas ng Hong Kong, tumawag sa Departamento ng Imigrasyon sa 2824 6111.

